

**BE SAFE
CHICAGO**



Maging Ligtas.

**Taxi at Pagtawag ng Sasakyan
(TNP¹)**

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

Mga malusog na pakikisalamuha

Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa
pisikal na layo mula
sa ibang indibidwal

Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa
mga pagpupulong
ng mga indibidwal

Pamprotektang gamit



Paggamit ng
pamprotektang gamit
ng mga indibidwal

Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na
pakikisalamuha (hal.,
paghugas ng kamay)

Mga ligtas na espasyo at kondisyon

Access sa pagpasok



Kondisyon para sa
paglabas/pagpasok para
sa access sa espasyo

Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para
disimpektahan ang lugar

Nakikitang patnubay



Mga mapagkukunan sa
kalinisan at gabay na
nakapaskil sa espasyo

Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng
taong naglalakad,
bentilasyon, atbp.

Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

Mga matatag na operasyon



Suporta para sa
pleksibilidad ng operasyon
(hal., maraming shift)

Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng
pagsusuri at pagsubaybay

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Nakaguhit na halimbawa



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Ano ang maaaring maging iba?

- 1 **Hindi hihigit sa 9 na katao** sa kabuuan ang nasa loob ng sasakyan (kung puwede ayon sa kapasidad)
- 2 Hindi pinapayagan ang mga pasahero na maupo sa **unahan**, maliban kung para sa accessibility na kadahilanan
- 3 Kung maaari, gumamit ng **mga harang** sa pagitan ng unahan at likurang upuan
- 4 Mayroong magagamit na **sanitizer sa kamay** para sa mga pasahero at driver
- 5 Lahat ng indibidwal ay kailangang magsuot ng **mga pantakip sa mukha**
- 6 Iniaatas ang **paglayo nang 6 na talampakan** sa lahat ng mga lugar para sa paghihintay
- 7 Mayroong nakapaskil na **nakikitang palatandaan** sa sasakyan upang isulong ang mga malinis na pakikisalamuha

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Paglayo sa
kapwa**



**Laki ng
pagpupulong**



**Pamprotektang
gamit**

Subukang panatilihin ang >6 na talampakan na layo sa lahat ng lugar na ginagamit ng lahat at isulong ang paggamit ng mga harang sa pagitan ng mga upuan sa harap at likod

- Hikayatin ang mga pasahero na umupo sa likod para panatilihin ang pisikal na layo; huwag hayaang umupo ang mga pasahero sa harapan, maliban na lamang kung kailangan para sa pag-access ng sasakay
- Kung maaari, maglagay ng mga harang sa pagitan ng harap at likod na upuan, ayon sa inirerekomenda ng mga alituntunin ng CDC

Limitahan ang mga pagpapapasakay sa mga pasaherong nakasalamuha na ang isa't isa

- Hikayatin ang mga biyahe ng mga taong galing sa parehong sambahayan o nakasalamuha na ang isa't isa
- Limitahan ang mga taxi o tinatawag na sasakyan sa hindi hihigit sa 9 na indibidwal, kasama ang nagmamaneho

Magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras

- Sa anumang espasyong nasa labas at nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring may mga pagbubukod para sa mga taong may mga medikal na kondisyon o kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Kung maaari, hikayatin ang pagkakaroon ng tisyu at sanitizer sa kamay para sa mga pasahero
- Hikayatin ang paggamit ng pandisimpekta na paunang inaprubahan ng EPA

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Hikayatin ang mga malinis na pakikisalamuha sa pagitan ng mga tao

- Kung saan maaari, madalas na maghugas ng iyong mga kamay gamit ang sabon at tubig; kung hindi available, gumamit ng sanitizer sa kamay nang madalas
- Iwasang hawakan ang iyong mga mata, ilong, o bibig gamit ang hindi nahugasang kamay
- Huwag mag-alok ng mga gamit tulad ng mga bote ng tubig o magazine na kadalasang ibinibigay nang libre sa mga pasahero
- Para sa mga pasahero - Iwasan ang pagdikit at paghawak sa mga patungan at gamit na madalas hinahawakan ng mga pasahero o ibang nagmamaneho (hal., frame ng pintuan, mga bintana, manibela, kambyo, lever na pang-senyas, at iba pang bahagi ng sasakyan) bago maglinis at magdisimpekta
- Hikayatin ang mga pampublikong tsuper na kumumpleto ng pagsasanay sa kalusugan at kaligtasan na nauugnay sa COVID-19 sa pagbalik sa trabaho

Maging Ligas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Mga ligas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Lahat ng tao ay magsusuri ng sarili para sa mga sintomas bago pumasok sa sasakyan

- Bago pumasok sa sasakyan, susuriin ng mga empleyado o pampublikong tsuper ang kanilang sarili para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19 (hal., palatanungan)
- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Iwasang tulungan ang mga pasahero papasok at pababa ng sasakyan, maliban na lang kung kailangan para sa pag-access ng sasakay



Linisin at disimpektahan ang sasakyan nang madalas hangga't maaari, at hindi bababa sa isang beses araw-araw at sa pagitan ng mga shift

- Kung hindi makakaya ang mas malawakang paglilinis, dapat linisan at disimpektahan ang mga patungan at gamit na madalas hawakan sa sasakyan sa simula at pagkatapos ng bawat shift.
- Bigyan ng mas maraming atensyon ang paglilinis sa sasakyan pagkatapos magbaba ng mga pasaherong mukhang may sakit, at/o pagkatapos magbaba/magsundo ng mga pasahero mula sa mga medikal na pasilidad
- Magbigay ng lubos na atensyon sa paglilinis ng mga patungan at gamit na madalas hawakan ng mga pasahero (hal., hawakan ng mga pintuan); kung hindi makakayang gawin nang mas madalas, maglinis bago at pagtapos ng bawat shift, ngunit inirerekomenda ang



Hikayat in ang pagpapaskil ng impormasyon tungkol sa inirerekomendang proseso ng pagpapatakbo, maliban na lamang kung may posibilidad na maging kontaminado ito

- Maglagay ng karatula para sa tamang paggamit ng pantakip ng mukha, paghihikayat ng paggamit ng walang contact na mga pagbabayad, atbp.

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE
CHICAGO

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



Isulong ang mabuting pagdaloy ng hangin at malinis na pakikisalamuha ng mga sumasakay

- Iwasang gamitin ang opsyon na muling pagpapaikot ng hangin para sa bentilasyon ng sasakyan habang naghahatid ng pasahero; gamitin ang mga vent ng sasakyan para papasukin ang sariwang hangin mula sa labas at/o ibaba ang mga bintana ng sasakyan
- Iwasang mag-alok ng naka-pool na sakay o pagsundo sa ilang pasahero na, kung hindi para sa sakay na iyon, ay hindi sabay-sabay na sasakay sa parehong ruta

Maging Ligas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)



**Katatagan ng
operasyon**

Iwasan ang paghawak sa papel na pera, kung maaari. Hinihikayat ang walang contact na pagbabayad

- Kung maaari, isulong at tanggapin ang walang contact na pagbabayad para sa mga serbisyo
- Pag-isipan ang isang beses na paggamit ng natatapon na guwantes kung kailangan mong tumanggap ng pera mula sa mga customer (hal., isang pares ng guwantes para sa bawat customer); huwag gamitin ang parehong pares ng guwantes para sa iba't ibang pakikisalamuha
- Pag-isipang gumamit ng spray na pandisimpekta o sanitizer kapag hinahawakan ang papel na pera nang direkta



**Pagsusuri/
Pagsubaybay**

Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado o malayang kontratista bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyado o malayang kontratista na nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa isang katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy bilang mayroong COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Appendix



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Glosaryo

Paghugas ng kamay: Ang kilos ng puspusang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

Paglayo sa kapwa: Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

Pagtitipon: Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

PPE: Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

Pagsusuri sa sarili: Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisionado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

**Halimbawang
palatanungan
para sa pagsusuri
sa sarili**

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE
CHICAGO**

Maging Ligtas. Taxi at Pagtawag ng Sasakyan

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



Dahan-dahang
Pagpapanumbalik
(Yugto IV)

Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

CDC – Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika):

<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

CDC – Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho) <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

OSHA Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19): <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

US Department of Transportation – Corona Virus Resources (Mga Dulugan ukol sa Corona Virus):

<https://www.transportation.gov/coronavirus>

American Public Transportation Association– Public Transit Response to Coronavirus or COVID-19 (Tugon sa Coronavirus o COVID-19 ng Pamublikong Transportasyon): <https://www.apta.com/public-transit-response-to-coronavirus/>

OSHA – Guidance for Rideshare, Taxi and Car Service Workers (Patnubay sa Mga Nagtatrabaho sa Mga Rideshare, Taxi, at Serbisyo ng Sasakyan): <https://www.osha.gov/Publications/OSHA4021.pdf>

CDC – Guidance for Rideshare, Taxi and Car Service Workers (Patnubay sa Mga Nagtatrabaho sa Mga Rideshare, Taxi, at Serbisyo ng Sasakyan): <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/rideshare-drivers-for-hire.html>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

- Inirerekomendang patnubay -



Pangkalahatang
patnubay sa
lugar ng
trabaho

Gabay sa
Transportasyon

Pahayag ng
Pagtanggap